

Elektronikong Data System ng Programa ng Maagang Suporta sa mga Sanggol at Bata (ESIT)

Ang sumusunod na impormasyon ay para sa mga pamilya sa sistema ng mga serbisyo ng maagang interbensyon upang ipaliwanag kung paano kinokolekta at tinatago ng ESIT ang data para sa pamilya/bata sa Data System ng ESIT.

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa: www.dcyf.wa.gov/services/child-dev-support-providers/esit

Bakit nakatago ang data ng aking pamilya sa Data System ng ESIT?

Upang tulungan ang iyong Taga-ugnay para sa Mapagkukunan ng Pamilya (FRC) at mga tagapagkaloob ng serbisyo sa tamang oras at alinsunod sa mga karapatan ng magulang/bata gaya ng paglalarawan sa Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may mga Kapansanan (IDEA), Part C. Awtomatikong inilalabas ng Data System ang mga pederal at pang-estadong ulat upang tumanggap ng lokal, pang-estado at pederal na pagpopondo para sa mga serbisyo. Ang lahat ng data sa antas ng bata ay iniuulat nang hindi isinisiwalat ang pagkakakilanlan para sa pang-estado at pederal na pag-uulat. Ang impormasyon ay kinokolekta upang malaman ang pagiging karapat-dapat ng inyong anak para sa mga serbisyo sa maagang interbensyon at upang bumuo ng Pang-indibidwal na Plano ng Serbisyo para sa Pamilya (IFSP).

Tinutulungan ng Data System ang mga FRC at ang mga tagapagkaloob ng ESIT, sa pagsisiguro na ang mga serbisyo ay ipinagkaloob nang alinsunod sa IDEA, Part C.

Ligtas ba ang aking impormasyon?

Oo! Nakatago ang inyong impormasyon sa likod ng apat na antas ng seguridad. Pinaghahalu-halo rin ang mga ito kapag lumilipat ito sa pagitan ng computer ng iyong FRC at Data System.

Saan nakatago ang aking data?

Ang inyong impormasyon ay itatago sa Data System at protektado ng password ng inyong FRC at tagapagkaloob ng ESIT.

Ang inyong impormasyon ay itatago sa isang ligtas na database na pinananatili ng Programa ng ESIT. Hindi maaaring ma-access ang data sa pamamagitan ng Internet at ang impormasyon ay hindi nakatago sa Internet.

Ang ilang papel na file ay kailangan pa rin at ligtas na itatago sa inyong FRC.

Sino ang maaaring mag-access sa impormasyon ng aking pamilya?

Ang FRC, tagapagkaloob ng ESIT at DCYF ESIT lamang ang magkakaroon ng access sa detalyadong impormasyon ng inyong pamilya. Ang FRC at tagapagkaloob ng ESIT ay maaaring gawaran ang iba pang mga miyembro ng pangkat ng IFSP ng access sa impormasyon pagkatapos lamang ninyong ibigay ang inyong pahintulot.

Ang Data System ng ESIT ay dapat patuloy na tumugon sa mga iniaatas ng Batas sa mga Karapatan sa Edukasyon at Pagkapribado ng Pamilya (FERPA). Ito ay totoo para sa lahat ng rekord, ito man ay nakatago sa elektronikong paraan o sa papel.

Ang mga tagapagkaloob ng ESIT at programang DCYF ESIT ay magkakaroon ng access sa mga buod na ulat tungkol sa mga bata at pamilyang tumatanggap ng mga serbisyo ng maagang interbensyon. Ang tauhan ng Programa ng ESIT ay magkakaroon ng mababasa lamang na mga karapatan sa impormasyon ng indibidwal na pamilya.

Ang mga magulang ay maaaring humiling ng ulat mula sa kanilang FRC, na nagpapakita ng lahat ng taong naka-access sa impormasyon ng kanilang pamilya.

Anong impormasyon ang kokolektahin?

Ang impormasyong natanggap mula sa inyong pamilya ay ipapasok sa Data System. Ang inyong FRC ay maaaring magbigay sa inyo ng kumpletong listahan at mga kopya ng impormasyong kinokolekta at nakatago sa elektronikong system.

Ang Pahayag ng Inyong Pamilya na kinabibilangan ng inyong mga pag-aalala, priyoridad at mapagkukunan ay patuloy na magiging boluntaryo at maa-access lamang ng inyong FRC, ninyo, at ng inyong tagapagkaloob ng ESIT at tauhan ng DCYF ESIT.

Paano ko makikita kung anong impormasyon ang nasa system na tungkol sa aking pamilya?

Ang inyong susi sa pag-access sa impormasyon ay sa pamamagitan ng Parent Portal at ng inyong FRC.

Kung hindi ko gustong mailagay ang impormasyon ng aking pamilya, maaari pa rin ba akong sumali?

Kung gusto ninyong sumali sa mga serbisyo ng maagang interbensyon, ang kaunting dami ng inyong impormasyon ay kailangang makolekta sa Data System ng ESIT bilang bahagi ng aming pederal at pang-estadong utos.

Kung gusto ninyo ng mga kopya ng dokumentong ito sa alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Ugnayan ng Nasasakupan ng DCYF (1-800-723-4831 | 360-902-8060, ConstRelations@dcyf.wa.gov).

DCYF PUBLICATION FS_0012 TA (03-2021) Tagalog

